# Espiritwal na Kamunduhan

A Lord's Flock General Assembly Topic
By: Fr. Jade Licuanan
Mayo 14, 2022

May palagiang pakikibaka sa pagitan ng mundo at kabanalan. Ano ang ibig sabihin ng dalawang ito?

- **Kamunduhan.** Ito ay tumutukoy sa mga bagay na humihila sa atin palayo sa Diyos; ito rin ay madaling lumipas na nagdudulot ng mababaw na kasiyahan.
- **Espiritwalidad.** Ito ay tumutukoy sa pilosopiya at paniniwala sa paggawa ng mga bagay-bagay; ito ay ang sakramento, debosyon, kawang- gawa, pakikisama at paglilingkod.

Kung pagsamahin ang dalawang salitang ito*,* ang resulta ay Espiritwal na Kamunduhan na ginagawa nang may pananampalataya ngunit para lamang papurihan ang sarili at inaagaw ang luwalhati at papuri na nararapat sa Diyos.

**1. Espiritwal na Kamunduhan**

1.1. Ito ay malalim na nakaugat sa simbahan. Sila ang mga nagsisimula pa lamang sa kanilang paglalakbay sa paglilingkod (pari, mangangaral, punong lingkod) na marahil posibleng magkaroon ng espiritwal na kamunduhan. Nagbabala si Papa Francisco na ito ay masalimuot na pagkabanal, at matatas na pananalita.

1.2. Kapag hindi tayo sumangguni sa Diyos, mahirap sumunod sa Kanya." Ang hinahangad ninyo'y ang parangal ng isa't isa, at hindi ang parangal na nanggagaling sa iisang Diyos" (Juan 5:44).

1.3. Ang mga taong parang anghel ay higit na mas mapanganib kaysa sa mga taong lantarang gumagawa ng masasama. Ang mga aktibong nangangaral sa Salita ng Diyos ang madalas linlangin ng demonyo.

**2. May dalawang NEGATIBONG PWERSA na kailangan labanan para mapalakas ang ating pananampalataya:**

**2.1. Gnostisismo**- puro pansariling pananalig. Ito ang uri ng pananampalataya na ang pag-iisip, paniniwala at gawi ng isang indibidwal ang kailangang masunod. Sinusunod ng simbahan ang Synodality **–** pandaigdigang proseso nang sama-samang paglalakbay. Hindi ipinilit ni Hesus ang Kanyang paraan. Sa halip, nagsimula Siya sa pakikipag-ugnayan sa kanyang mga alagad. Kailangan na ang bawat isa ay ating kalakbay.

2.2. ***Neo Pelagianism*** **(**Batay sa Obispong Briton na si Pelagius) ay ang paniniwalang magagawa nating perpekto ang lahat ng bagay sa pamamagitan ng sarili nating lakas at talino, hindi isinasangguni ang plano sa Diyos. Maaaring madasalin at matapat ngunit umaasa lamang sa sariling talino at hindi na namalayang inangkin na ang kaluwalhatian para sa Diyos.

**3. Ano ang mga inaalala ngayon?**

3.1**. Ang pagiging Elitista** - pakiramdam na higit kang naka-angat sa lipunan sa katayuan sa buhay. May elitismo rin sa mga obispo at pari. Sila ay humihiwalay sa mga tao at inilalayo ang sarili sa mga taong nasa laylayan ng lipunan.

3.2. **Ang pagiging mayaman o mahirap** ay hindi dapat maging dahilan sa paglilingkod sa Diyos.

3.3. **Pagdadala ng kapatiran** sa labas ng komunidad. Kung wala tayong gawing pagbabago sa ating komunidad sa loob ng limang taon mula ngayon, marahil mawawalan tayo ng katuturan.

**4. Ano ang mga POSITIBONG bagay na dapat nating gawin?**

4.1. Maging maingat sa ating mga katungkulan. Walang lingkod ng Diyos na mas dakila pa sa Kanya.

4.2. Maging mapagpakumbaba sa lahat ng tagumpay. Maging maginoo sa pagkatalo. Lingkod lamang tayo ng Diyos. Kung tayo'y nagkulang, tuloy lamang sa paglalakbay kasama ang Diyos.

**Konklusyon:**

Maging malakas tayo hindi lang sa positibong paraan ngunit maging sa mga negatibong paraan, sa pamamagitan ng pakikipaglaban sa mga bagay na humihila sa atin papalayo sa Diyos. Ipagpatuloy natin ang pagpapa-unlad sa Kaharian ng Diyos.

**Pagninilay**: Ano ang mga pansarili mong pakikibaka sa Espiritwal na kamunduhan?

1. Sino ang nakakasama mong tumambay o kasamang magkape?
2. Saan ka humahanap ng karangalan?
3. Kanino ka pinakatapat?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**Inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials
Tags:#Espiritwalidad #Kamunduhan